

1

“Miss Eva, tawag po kayo ni Sir Art.” Sumilip ang isa sa mga food service attendants sa kusina ng *Sweet Cakes Coffee Bar and Restaurant*.

Kasalukuyang busy si Evangeline del Prado-Cajucum sa pagbi-bake ng cheesecake. Ang coffee shop na iyon ang signature restaurant ng *Blue Paradise Resort* sa Argao, Cebu.

“Nasaan ang Daddy?” Nilingon niya ang female attendant bago tumapat sa lababo para maghugas ng kamay.

“Nasa second floor lang po, sa veranda.”

Tumango siya saka nagtanggap ng apron. Lumabas siya ng swinging doors at umakyat sa kinaroroonan ni Arthur Wright Cajucum, may ari ng *Blue Paradise Chain of Resorts* sa mga isla ng Mactan, Argao, at Santander sa Cebu, maging sa Tagbilaran, Siquijor, at Dumaguete. Ito rin ang ama ng kanyang asawang si TJ Cajucum.

“Maayong hapon, Dad,” bati niya bago kunin ang kamay nito para magmano.

“O, Hija,” sabi nito bago tinapik ang kanyang braso, “*lingkod sad, ’Day.*”

Naupo siya sa harap nito, sinuklay ng mga daliri ang buhok para ilugay iyon. “Nag-merienda na po kayo?”

“Nagpakuha na ako ng sandwich.” Itiniklop nito ang binabasang sulat saka siya tuluyang hinarap. “Kumusta ka, ’Day?”

Napangiti siya. Araw-araw siya nitong nakikita at araw-araw din itong nagtatanong nang ganoon na para bang taon ang binilang mula nang huli siya nitong kumustahin.

“*Maayo man, Dad,*” tugon niya.

Lumapit ang isang waiter dala ang sandwich nito at isang baso ng fruit shake.

“Salamat, ’Dong. Ikaw ’Day? *Dili ka mukaon?*”

“Shake na lang din,” sabi niya sa waiter bago ito umalis.

“Mmm! *Lami jud kaayo,*” anito pagkakagat ng tuna cheesemelt.

Iyon naman ang gusto niya sa biyenang lalaki. Napaka-appreciative nito sa pagkain. Nakapikit

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

at nakangiti pa na parang ang ngingunguya ang pinakamasarap na natikman sa tanang buhay nito. Nakakatuwa pa lalo dahil recipes niya ang lumalabas mula sa kusina ng resort.

“May bago po akong sinubukan na ulam, ipapahain ko mamaya sa dinner natin,” balita niya.

“Naku, kaya kami tumataba, eh.” Kumagat muli ito nang malaki sa sandwich.

Speaking of ‘kami’, parang wala yata roon ang madalas ay kasabay nitong mag-merienda. “Ang mommy po pala?”

Pinunasan muna nito ang bibig. “Umalis pagkapananghalian, pumunta sa Dumaguete.”

“Ah... thank you, Rey.” Tinanggap muna niya ang shake na dala ng waiter. “Ano po’ng mayroon doon?”

Bihirang ang biyenang babae ang umaalis para bumisita sa mga resorts ng pamilya, kadalasan ay ang kaharap ang gumagawa niyon.

“May kailangan siyang tignan na mga bagong tapestries at fabrics na gagamitin para sa mga rooms at sa function hall doon.”

“Ah.” Napatango siya. Interior designer kasi ang asawa nito.

“Hindi ba dapat narito na si Ben?” Hinanap nito ang apo.

“Parating na po iyon,” tugon niya matapos silipin ang suot na relo. Mag-a-alas tres na ng hapon. Di kalayuan ang maliit pero pribadong *Montessori* school kung saan ito nag-aaral ng Grade 1. Hatid-sundo ang anak ng isa sa mga driver nila at binabantayan ng yaya.

“Ano na naman kaya ang kababalaghang ginawa ng anak mo sa eskuwelahan today?” naiiling na tanong nito, bakas sa ngiti ang affection para sa bata.

“Naku, Dad, your guess is as good as mine.”

Matalino ang anak niya. Sobrang restless lang madalas. Mabilis itong ma-bore at kapag wala nang interes sa ginagawa ay nag-e-experiment ng mga puwedeng likutin sa loob ng classroom.

“Kuhang-kuha ni Reuben ang kakulitan ng papa niya.” Malayo ang tingin ng matanda, halatang nagbabalik-tanaw. “Pero kapag seryoso at tahimik, para siyang si Ronaldo.”

Si Ronaldo Jose ay nakababatang kapatid ng asawa niyang si TJ. Namatay ito dahil sa isang aksidente na nangyari bago pa man sila dumating sa buhay ng mga Cajucom.

“Naikukuwento n’yo nga po.” Malamlam ang kanyang ngiti. “Dad, kailan po pala ang uwi ng Mommy? Magtatagal po ba siya sa Dumaguete?”

Gusto sana niyang magpabili sa biyenang babae ng budbud, isang uri ng suman na delicacy ng nasabing ciudad. Gusto niyang pag-aralan kung paano iyon ginagawa at kung anong variation ang puwede niyang gawin para may bago silang dessert sa cafe.

Tumuwid ang kausap sa pagkakaupo para kunin ang baso ng banana shake mula sa mesa.

“Dapat sa isang araw pa pero kailangan na niyang umuwi bukas ng hapon. *Mu-abot si TJ pagkagabii.*”

Nasamid siya nang bonggang-bongga dahil saktong humihigop siya sa straw ng pineapple shake nang sabihin iyon ng matanda.

“O, bakit?”

Darating na si TJ bukas ng gabi?

Oh, my God...

Tumikhim muna siya para alisin ang bara sa lalamunan niya na alam niyang hindi dulot ng shredded pineapple bits.

“Wala ho, nagkamali lang ng pasok ’yung shake sa lalamunan ko.”

May pag-unawa ang ngiting iginawad nito sa kanya.

“Hindi mo kailangang magpalusot, Eva. Naiintindihan kong nabigla ka sa balita.”

Pinamulahan siya ng mukha. Hindi lingid sa kaalaman ng pamilya Cajucom na hindi normal ang kanilang pag-iisang dibdib. Pinakasalan siya ni TJ dahil kay Ben at dahil sa pamimilit ni Arthur. Ang hindi lang niya inaasahan ay pagkatapos ng araw ng kasal, hindi na rin niya ito makikita. Pitong taon na ang lumipas mula noon. At mahigit pitong taon na niyang minamahal ang lalaking iyon na wala ni katiting na pagtingin sa kanya.

“Bakit daw po naisipan na niyang umuwi?” mahina niyang tanong.

Nagkibit lang ng balikat ang matanda. “*Gimingaw tingali siya sa inyong duha ni Ben.*”

She fought hard para hindi mapabunghalit ng tawa. Siya? Na-miss ng asawa?

Ilang beses siyang sumubok makipag-ugnay rito noong mga unang linggo na nasa Maynila ito.

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

Naroong ipasabi niya sa mga biyenang, kung 'di man siya mismo ang sumusulat, pero nanatiling walang tugon ang mga pasabi niya. Eventually, she gave up. At any rate, unti-unti niyang napatunayan na tanggap nito ang kanilang anak. Hindi nga lang siya kasali.

Parating pinadadalhan ni TJ ng kung anu-ano ang anak nilang si Ben every other month. Samantalang siya... he hardly even looked at her noong kasal nila. She could hardly expect him to remember, much more miss her.

“Lolo, I’m home!”

Ipinagpasalamat ni Eva ang pagdating ng anak dahil hindi niya na kailangang dugtungan ang usapan nilang mag-biyenan tungkol sa pag-uwi ng kanyang kabiyak.

“Hello, Ben!” Niyakap nito ang apo matapos humalik sa pisngi ng abuelo ang bata.

“Mama, may star ako.” Proud na proud na ipinakita nito sa kanya ang palad kung saan nakatatak ang isang star na kulay violet at may nakasulat na ‘Very Good’ sa gitna.

“Wow! Ang galing naman ng baby ko.” Hinagkan niya ito sa ulo. “Ibig bang sabihin good boy ka today sa school?”

Pagkalawak-lawak na ngiti ang isinagot ni Ben, na sinundan ng malakas na halakhak ng lolo nito.

“Okay, ano na naman ang nangyari?” Pinaningkitan niya ito ng mga mata.

“Ma’am Eva.” Lumapit ang yaya nito. “*Paadtuun daw mo ugma sa buntag sa eskwelahan kay matig-istorya nimu iyang maestra.*”

“Reuben?” Tinitigan niya ang anak na kuntentong nakakandong sa kanya habang inuubos ang fruit shake niya.

“What, Mama?” Itinaas nito ang inosenteng mga mata sa kanya. Mga matang kulay abo na minana nito sa ama at sa lolo. Arthur’s mother was British.

“Ano ang sasabihin ng teacher mo sa akin? Bakit ipinapatawag ako uli?”

Umunat ito, inilapag ang wala nang lamang baso sa mesa saka nagkibit ng balikat.

“Recognition day namin sa Monday.”

“At?” she prodded.

“May medal po ako.” Dumamba ito payakap sa kanya.

“Talaga?” Inabot ito ng lolo para hagurin sa

buhok. “Walang mischief this time, Ben?”

“Wala po, promise!” Nilingon nito ang nagtanong.

“Congratulations, Babe!” Yakap pa rin niya ito nang mahigpit. Humagikgik ito dahil pinauulanan niya ng halik ang maliit na mukha.

“Aba’y tamang-tama pala kung Lunes ang recognition day nila. Masasamahan ka na ni TJ sa eskuwela,” anang biyenang lalaki.

“TJ?” Nanlaki ang mga mata ni Ben sa narinig. “*Niabut si Papa dinhi?*”

Parang may bikig sa lalamunan niya nang kumpirmahin iyon sa anak.

“Darating siya bukas, Babe.” Hindi pa siya natatapos ay nagtatatalon na ito.

“Yehey! Marami na naman akong toys!”

“Ben...” umpisa niya, pero pinigil siya ng biyenan.

“Hayaan mo na, ‘Day,’ malumanay nitong sabi. “Understandable man ang *iyang* reaction *kay* in the last seven years, ang presence ni TJ for him meant toys and gifts.”

Huminga lang siya nang malalim at napakagat sa labi.

“I suppose kailangan lang nilang maging acquainted sa isa’t isa,” sabi niya habang pinanonood pa rin ang anak na nagsasasayaw na nang mga sandaling iyon.

Nginitian lang silang mag-ina ng matanda bago ito tumayo at nagpaalam.

“*Adto ra ko sa office ko, ha. I will see you both later at dinnertime.*”

“Bye, Lolo!” ani Ben. Bumaling ito sa kanya. “Ma, can I go to the beach muna? Wala naman akong assignment, eh.”

Tumango siya at saka pinagbilinan ang yaya.

“Day, sandali lang kayo, ha? Mabilis nang dumilim ngayon. Tapos siguraduhin mong maliligo iyan nang maayos bago magbihis ulit.”

Iyon lang at inihatid na niya ng tingin ang miniature version ng ama nito. Huminga siya nang malalim para kalmahin ang rumaragasang kabog ng dibdib bago di-napigilang balikan ang nakaraan.

Kitang-kita ni Eva ang pagdilim ng mukha ni TJ nang maingat niyang iharap dito ang kargang sanggol.

“Anak mo ito, hindi mo ba nakikilala?” Naininis na may bahid ng pagmamakaawa ang tinig niya.

“Anong anak? Kailan kita ikinama?”

“Palibhasa lasing na lasing ka kaya hindi mo maalala,” naiiyak na tugon niya.

“Sandali.” Sumingit sa usapan ang tila nagsisimula nang magalit na ina nito. “Sinasabi mo bang ni-rape ka ng anak namin?”

“H-hindi po,” mahinang sagot niya.

“Eh, ano?” Mas kalmado ang ama ni TJ.

“P-pumayag po ako pero...” Hindi niya na naituloy ang sasabihin dahil napahagulgol na siya sa nararamdamang tensyon at pagkapahiya.

“Ilang taon ka na, Hija?” tanong ni Mrs. Cajucom.

“Kaka-seventeen ko lang po nitong isang buwan.” Nanatili siyang nakatungo, ipinaghehele ang kargang sanggol para hindi ito magising.

“Ang mga magulang mo?”

“Ulila na po ako.”

“TJ, pakasalan mo ito.” Tila batas ang binigkas ng ama nito, gamit ang boses na kahit mahina ay halatang

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

makapangyarihan.

“Dad!” protesta ng binata. “Twenty-two lang ako, ipapakasal mo ako sa babaeng ’yan dahil lang sinabi niya na anak namin ’yang bata?”

Gusto yata niyang mamatay sa kawalang-pag-asa at pagka-insulto sa inaasal nito.

“Hindi po ako nagsisinungaling!” pagsamo niya sa mga magulang nito. “Saan makukuha ni Ben ang kulay ng mga mata niya? Sa akin?”

“Menor de edad ang dalagitang ito, Teodoro Jose. Dapat inisip mo kung ano’ng maaaring ibunga ng libido mo when you touched her.” Nagsisimula nang tumaas ang boses ng ama nito.

“Wala akong ginawa—”

“Wala kang ginawa? Paano nabuo ang sanggol na iyan kung wala kang ginawa?” sigaw ng matandang lalaki na ikinatakot niya. Pinutol niyon ang anumang sasabihin ni TJ. Naniningkit ang mga mata ng ama nito sa galit. “Kung ayaw mong itakwil kita at mawalan ng mamanahin, gagawin mong lehitimong Cajucom ang bata sa pamamagitan ng kasal. Wala akong apo sa isang disgrasyada.”

Walang nagawa ang binata kundi sundin ang

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

dikta ng ama. Sa loob ng isang linggo, idinaos ang kanilang kasal. Mayor ng Argao ang nagkasal sa kanila. Sa mismong magarbong garden ng mansion ng mga Cajucom na nasa loob ng compound ng resort ginanap iyon. Puting bestida lang ang suot niya imbis na ang traditional na gown. At kahit pa may bouquet siyang hawak, hindi niya natikmang lumakad sa aisle ng isang simbahan tulad ng pangarap niya.

Inisip na lang niya na baka pagkatapos ng kasal ay may madama siyang pag-asa. Na mamahalin din siya ng asawa pagdaan ng panahon, pero hindi pala. *The day after the wedding, nag-alsa balutan si TJ patungong Maynila. Iyon na ang huling beses na nakita niya ito.*

Akala niya ay paaalisin siya ng mga biyenan sa mansion pero naging mabuti sa kanya ang mga ito. Agad minahal ng mga ito ang kanyang anak. Naintindihan din ng mga ito na ulila na siya at walang ibang matatakbuhan.

Naging supportive ang mga ito sa kagustuhan niyang makatapos ng pag-aaral. *They paid for her HRM degree and even insisted that she take culinary arts sa Cebu City. Pinahalagahan ng mga ito ang hilig niya sa pagluluto. Pagka-graduate, siya ang pinamahala ng mag-asawa sa kitchenette ng resort.*

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

At dahil sa expertise niya, nagkaroon ng bagong business ang pamilya – catering. Lagi ay ipinadarama ng mga biyenang kung gaano siya ina-appreciate ng mga ito.

Pero si TJ? Nunca! Pinupuntahan nito ang ibang branches ng resort sa Mactan, Tagbilaran, Siquijor, at Dumaguete Pero never itong nagawi sa kanila sa Argao. Tila kahit sa Santander ay ayaw nitong lumapit. Sumusulat ito, tumatawag, nangungumusta. Pero para kay Reuben lang, talagang hindi siya kasali.

Kumawala ang luha mula sa kanyang mga mata. Pagkalipas ng pitong taon, babalik na ito at lahat, wala pa ring nagbabago. Sariwa pa rin ang sakit na iniinda niya sa kanyang puso dulot ng pag-alis nito noon. Dahil mahal niya ito. Mahal na mahal.

2

Paggising pa lang ni Eva ay aligaga na siya.

Correction, hindi lang mula paggising. Kagabi pa yata siya aligaga. At dahil hindi siya halos nakatulog, tila hindi tamang sabihin na kagigising niya lang.

Tuloy ngayon, lahat ng puwedeng pakialaman ay pinanghimasukan na yata niya. Naroong makilinis siya sa kuwarto ni TJ. Ang guest room ang ginagamit niya kahit pa ini-expect ng mga biyenang na sa kuwarto ni TJ siya matutulog mula nang ikasal sila.

Maya't maya ang pagpapaalala niya sa anak na huwag itong gaanong maglikot. Tila hindi rin matapos-tapos ang pagbibigay niya ng instructions sa kusina. Kung tutuusin ay kanina pa dapat niya iyong iniwan.

“Ma’am, okay na kami dito,” sabi ng kanyang assistant na si Mayeth, habang marahan siyang itinutulak palabas ng kitchen. “*Mu-abut* na si Sir, amoy ulam ka pa.”

Hindi niya iyon pinansin. Tinikman niya ang nakasalang na sinigang sa miso at napagpasyahan na hindi tama ang lasa niyon.

“Dagdagan n’yo ito ng tubig, napaalat ang timpla.”

“Ma’am Eva,” natatawang sabi ng isang kusinero, “*Kabalo na mi kon unsaon pagtilaw sa sinigang. Adto na.*”

“Ginuo ko, ’Day, *ali dire*, tama na iyan,” anang biyenang babae. Pumasok na ito sa kitchen upang sunduin siya. “*Imu nang paliguan si Ben kay nanlilimahid na sa kalalaro sa buhanginan.*”

“Opo, Ma.” Nagtanggap na siya ng apron sa wakas at saka tinungo ang kinaroroonan ni Ben.

“Mama, *unya ra*, wala pa man *niabut* si Papa,” reklamo nito.

“Reuben, ’wag mo nang dagdagan ang tensyon sa buto ko, please?” pakiusap niya rito.

“Mabilis naman ako maligo, eh,” nakasimangot na sagot nito, hindi pa rin tumitigil sa pagbubungkal ng buhangin.

“Iyon na nga.” Nilapitan na niya ito, tangkang buhatin kapag nagreklamo pa ng isang beses. “Mabilis ka maligo, therefore, hindi mo nasasabon at nahihilod lahat ng dapat mong hilurin.”

“Isang swim na lang.” Nagtatakbo ito patungo

sa dagat.

“Reuben! Ay, naman!” Tumakbo na rin siya para habulin ito. At dahil hindi niya kailanman nagawang tanggihan ang anak, ilang minuto rin siyang masayang nakipagbasaan dito bago ito tuluyang nagpaawat. “Let’s go na, totoo na ito. It’s getting late.”

“Okay, Ma.” Humihingal ito sa katatawa.

Magkaakbay silang naglakad pabalik sa bahay, water dripping from their hair and clothes. Nagkicake ang buhangin sa kanilang mga paa. Patuloy sila sa masayang pag-aasaran nang mapatigil si Ben in midstep.

“TJ,” bulong niya. Naramdaman niyang humigpit ang kapit ni Ben sa kanyang kamay.

Nakatayo ang asawa sa harap nila. Naka-long sleeved polo ito na itinupi ang manggas hanggang siko, naka-jeans at sneakers. Natatakpan ng shades ang magaganda nitong mga mata. Nakangiti sa kanilang anak ang pagkaguwapo-guwapo niyang asawa. Guwapo na ito noon pa man. Ewan niya kung posible, pero tila naging mas guwapo pa ito ngayon.

Samu’t saring damdamin ang dumaklot sa puso niya. Una ay ang lungkot. Ni hindi niya magawang salubungin si TJ nang may ngiti dahil hindi niya alam

kung paano ito magre-react. Pangalawa ay sakit. For he seemed to refuse to look at her.

“Hello, Ben,” nakangiting sabi nito sa bata bago walang emosyon na bumaling sa kanya. “Eva.”

Parang gusto na niyang maiyak nang sandaling iyon. Inintindi na lang niya ang bata para ma-distract ang sarili.

“Ben, k-kiss ka kay Papa.”

Bantulot at nahihiyang lumapit ito sa ama.

“*Maayong hapon*, Papa,” bati nito.

“*Maayong hapon*, Ben,” tugon nito habang tinatanggap ang halik ng anak. “Take a bath na *kay manihapon pa ta.*”

“Yes, Pa.” Nagtatakbo na ito at iniwan siya sa harap ng asawa.

“I’m sorry, TJ,” aniya, nakatuon ang mga mata sa bulsa ng polo nito dahil hindi niya ito kayang titigan.

“Dahil?”

“S-si Ben,” simula niya, pero hindi siya pinatapos ng lalaki.

“Wag mong alalahanin ang behavior ni Ben sa

akin, naiintindihan ko iyon,” mahinahong tugon nito. “After all, pitong taon niya akong hindi nakasama. Sa litrato lang niya ako nakikita. Maiilang talaga iyan. Unless may mga ikinuwento ka sa kanya na hindi pabor sa image ko bilang ama.”

Tinapunan niya ito ng matalim na tingin. But he simply raised his hands in submission, as if telling her na wala itong balak makipag-diskusyon nang mainitan sa kanya.

“Mauuna na ako,” aniya sa mahinang tinig, walking past him. Pero nahawakan nito ang braso niya.

Dumulas ang hawak nito na iyon hanggang sa kanyang kamay. Para siyang nakuryente.

“Suot mo pa din pala ang wedding ring mo?” He brought her hand up. His fingers played with the gold band na nasa kanang palasingsingan niya.

“And I’m sure ibinaon mo na sa ilalim ng drawer mo ang singsing mo, almost as soon as you turned your back on us.” Nababasag na ang boses niya dahil dama niya ang pangungutya sa boses at asal nito.

“On the contrary,” Itinaas nito ang kanang kamay para may patunayan sa kanya. “I never took it off.”

Kinagat niya ang labi para pigilan ang pagluha.

“Kailangan ko nang magbihis.”

Humakbang siya palayo pero hinigpitan nito ang hawak sa kamay niya.

“Don’t I even get a welcome kiss from my wife?”

Bahagyang nanlaki ang mga mata niya.

A kiss?

Nag-init ang mukha niya sa alaala nang huling beses siya nitong nahalikan at kung ano ang ibinunga niyon. Nang hindi siya tuminag ay ito ang kumilos. Lumipat ito ng puwesto mula sa tagiliran niya hanggang kaharap na siya nito. Ipinagitna nito ang kanyang mukha sa mga palad.

Slowly, his head descended. At marahang lumapat ang mga labi nito sa kanya.

Dumadagundong ang dibdib niya. Kaunting dampi lang iyon, ni hindi nagtagal, pero para siyang natunaw. Hinang-hina siya. Muntik na tuloy siyang matumba nang walang seremonyang bitawan siya nito.

“Magbibihis lang din ako. I’ll see you at dinner.”
Tinalikuran na siya nito para pumasok ng bahay.

Daig pa niya ang nasampal sa bale-walang pagkakasabi nito niyon. Masakit na masakit na sampal dahil umasa siyang may nagbago sa damdamin nito para sa kanya nang ipaalam na hindi nito tinanggal ang wedding ring. Pag-asa na lalo pang pinatingkad ng masuyo nitong ginawang paghalik sa kanya kanina lang.

Then again, ano ba ang inaasahan niya? Malalim ang pinanggagalingan ng galit nito. Hindi *por que* hinalikan siya nito nang ganoon ay nangangahulugang nag-iba na ang nararamdaman nito para sa kanya.

Malinaw sa kanya noon pa na hindi siya nito gustong maging asawa in the first place. Hindi ba't napilitan lang itong pakasalan siya? Malabo na siya ang dahilan ng pagbabalik nito. So, ano ang iniilusyon niya? Na kahit paano ay natutunan siyang mahal nito after all these years?

Humarap siya sa dagat, nakatutop ang nanlalamig na mga kamay sa nag-iinit niyang mga pisngi. Patuloy pa rin sa pagdaloy ang kanyang luha.

God, why must it hurt so much?

Dinner was not as bad as Eva thought it would be for her husband and son. Sa katunayan, ang

mga ito ang naging sentro ng usapan. Parang hindi nagkahiwalay ang dalawa. Ben talked to his father makalipas ang initial na hiya at hindi rin niya nakitaan ng akwardness si TJ sa anak.

Nagkuwento nang nagkuwento si Ben sa papa nito. Magiliw na nakinig ang ama. Paminsan-minsan, sumasali si Arthur o ang asawa nitong si Beatrice sa usapan, inilalahad kung paano nila naaalala ang kabataan ng mga anak sa behavior ng apo.

“Si Ben ay ikaw at si Ronaldo rolled into one,” komento ng ina ni TJ dito.

Tumatawang sumang-ayon ang asawa niya.

Dahil sa kasiyahan sa hapag, that time more than ever, she felt how much of an intruder she was to the family. She didn't really belong there. Naging Cajucom lang siya dahil sa bisa ng kasal. Ben was a Cajucom by blood.

Magpapaalam sana siya na kukuhanin ang kanilang dessert para makalayo kahit saglit lang nang punahin siya ng mother-in-law.

“Hija, kanina ka pa tahimik,” ani Beatrice.

“Medyo pagod lang po ako, Ma,” palusot niya. And she could also feel the beginnings of a major

headache.

Sinulyapan siya ng asawa na nakaupo sa tapat niya. Tila may babala sa tingin nito.

“Ikaw kasi, ’Day,” ani Arthur, may bahid ng paninita, “sinabi namang hayaan na ang mga kusinero maghanda ng kakainin, nagpilit ka pa makigulo roon.”

“Bakit ka nasa kusina?” For the first time that night, in-address siya ng kabiyaak.

“Nag-supervise lang ako, Dad.” Mas pinili niyang sagutin ang biyenang lalaki kaysa salubungin ang mapanuring tingin ni TJ.

“Ang sabi ni Mayeth, ikaw daw ang gumawa mula paghihiwa hanggang pagtitimpla,” saad pa ni Beatrice.

“Hindi naman po, Ma.” Pakiramdam ni Eva ay napapaso siya sa titig ng isang pares ng kulay abong mga mata sa harap niya.

“Magpahinga ka na kaya?” ani Arthur.

“Hmm.” Tumayo na siya. “Kukunin ko lang po muna ’yung dessert para maihain.”

“Magpahinga ka na.” Tumayo rin si TJ at umikot

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

sa tabi niya para igiya siya. “May mga katulong naman dito, hindi kailangang ikaw pa ang gumawa niyan. Puwede na iyang ipakisuyo.”

Tututol pa sana siya, pero naramdaman niya ang paghigpit ng hawak nito sa kanyang braso.

“Ben, mag-good night ka na kay Mama,” utos nito sa bata. “Ako na ang sasama sa iyo later ’pag bedtime mo na.”

“Good night, Ma.” Yumakap nang mahigpit sa kanya ang anak, saka humalik sa lips niya. “I love you!”

“I love you, Babe.” Malambing na hinaplos niya ang ulo nito saka nagpaalam sa mga biyenang. “Daddy, Mommy, mauna na po ako.”

“Sige, Hija, sleep well,” tugon ni Beatrice.

“I’m sorry,” ani TJ. “Ako yata ang may kasalanan kung bakit hindi maganda ang pakiramdam mo. Nalamigan ka siguro sa baybay.”

Malapit na sila noon sa kuwarto niya.

“No. I was just up very early kaninang umaga. Iyon siguro ang dahilan, ’tapos nag-supervise ako sa

kusina maghapon,” halos bulong na tugon niya.

“Bakit ka nga nasa kusina?”

She raised overly bright eyes to look at him, nagtataka kung bakit ito nagtatanong nang ganoon. Then it occurred to her. Oo nga pala, ni minsan ay hindi siya nito kinumusta mula nang umalis ito.

“Trabaho ko,” simula niya.

“Asawa kita, nagtatrabaho ka dito?” Hindi mataas ang boses nito. Gulat lang.

“I-I like what I’m doing,” aniya.

Pumikit siya at saka idiniin ang palad sa sentido. Migraine, she knew.

“TJ, wala akong energy makipagtalos, please.”

Huminga lang ito nang malalim saka pinihit ang doorknob ng pinto.

“Good night, Eva. We’ll talk tomorrow.”

Tango lang ang isinagot niya. Pumasok na siya sa silid. Masyado nang masakit ang ulo niya para isipin pa kung ano ang pag-uusapan nila ng asawa. Naghilamos siya, nagbihis at nag-toothbrush. Nakaupo siya sa harap ng tokador at bina-brush ang mahabang buhok nang maulinigan ang mahihinang

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

katok sa pinto ng kanyang kuwarto. Bumukas iyon at pumasok ang kanyang asawa.

“W-what are you doing here?” tarantang tanong niya. She put down her hairbrush.

“Naisip ko lang na baka gusto mo ng warm milk.” Inilapag nito sa side table ang isang tray na may isang baso ng gatas, isang pitsel ng tubig, at isa pang baso na nakataob.

Ewan niya kung na-relieve siya, o na-disappoint. Umaasa ba siyang gusto nitong samahan siyang matulog?

“Salamat,” sabi na lang niya.

“Nagdala din ako ng paracetamol. You look like you’re on your way to getting sick.”

Itinuloy niya ang pagba-brush ng buhok bago iniwas ang tingin.

“I’m just tired.”

“Do you want me to stay here with you?”

Nabitawan niya ang brush.

“I guess not,” sambit nito.

“Matutulog na ako,” aniya. Pinulot niya ang

nalaglag na brush at tumayo.

Nahilo siya sa ginawa. Gumiwang siya at babagsak sana kung hindi naging mabilis ang kilos nito. She found herself caught in his embrace.

“Ano’ng nangyari?”

“Nahilo lang ako sa biglang pagtayo,” sabi niya. Parang ang layo sa pandinig ng tunog ng boses niya.

Her head throbbed painfully. Hindi niya sigurado kung dahil iyon sa yakap nito o dahil may iba siyang dinaramdam.

“Mainit ka,” saad nito, matapos ilapat ang palad sa kanyang noo. Dinama rin nito ang kanyang leeg.

She shivered dahil malamig ang pakiramdam ng kamay nito sa kanyang balat.

“Wala na din ito bukas.” Dahan-dahan siyang kumalas sa pagkakayakap nito dahil iba na ang ritmo ng kanyang puso.

Walang-wala sa hinuha niya ang sunod nitong ginawa. Pinangko siya nito at bago pa siya makapagprotesta ay naihiga na siya sa kama.

Nakatanga lang siya nang iabot nito ang baso ng gatas na walang salita niyang inubos. Pagkatapos,

ipinagsalin siya nito ng tubig at ibinigay sa kanya ang gamot. After she had gulped the medicine, he tucked her in.

“Good night, Mrs. Cajucom.” Yumukod ito at hinagkan siya sa noo, bago marahang hinaplos ang kanyang pisngi at tumalikod para lumabas ng kuwarto.

Marami siyang naiisip sa ginawang iyon ng asawa. Pitong taon—ni buntong-hininga ng kanyang pangalan ay hindi niya narinig mula rito. Pakiramdam niya tuloy ay may nakatutok na baril sa sentido ni TJ. Hindi niya sigurado kung napipilitan lang itong pansinin siya sa hapag kanina. Now he was acting like a reliable husband. Bakit?

Nakatulugan na niya ang pagsagot sa huling tanong.

3

Malalim na ang gabi ay nakatanghod pa rin si TJ sa dagat. Nakapuwesto siya sa isa sa mga kubo sa baybay kung saan siya nagtungo pagkatapos ihatid sa kuwarto ang anak. Halos apat na oras na, kalahating dosenang beer at ilang sticks na rin ng sigarilyo ang naubos mula noon.

Maraming eksena ang nagre-replay sa isip niya, gaya ng mga kuwento ni Reuben. Natuwa siya nang husto rito. The boy was smart and charming. Obvious na spoiled ito sa mga magulang niya, lalo at ito ang una at so far ay nag-iisang apo.

Hindi niya maikakaila na napalaki ito nang tama ni Eva. Nakaramdam siya ng pagsisisi. Kung hindi siya lumayo, nasubaybayan din sana niya ang paglaki nito.

Muling dinala ng kamay niya ang may sinding sigarilyo sa kanyang mga labi. Humithit siya nang malalim bago pinatay ang upos niyon sa walang-lamang bote ng beer sa tabi niya.

Mahigit pitong taon na mula nang una niyang makita at makilala ang napangasawa—shy, simple, alluring, utterly beautiful Eva.

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

Nagbabakasyon siya noon kasama ang nakababatang kapatid na si RJ at ilang kaibigan sa Bantayan Island sa Cebu. Ang totoo ay hindi purong bakasyon iyon. Ang talagang dahilan ng pagpunta niya roon ay maghanap ng property na maaaring i-develop at gawing panibagong branch ng *Blue Paradise Resort*.

Malakas ang business sense niya sa napakabatang edad kaya malaki ang tiwala ng ama sa kanya pagdating sa negosyo ng pamilya.

Huling gabi ng bakasyon nila at nagkataon na may malaking pa-concert sa plaza. Ayaw na sana niyang um-attend, pero sumama na lang siya sa mga kabarkada para pagbigyan ang mga ito. Doon niya unang nasilayan si Evangeline del Prado.

Hindi perpekto ang una nilang pagkikita. Naitulak siya ng isang nagsasayaw na teenager, at dahil nakainom din siya ng ilang baso ng libreng rum, mabilis siyang na-off balance. Nabunggo niya mula sa likuran ang isang babaeng umiinom ng softdrink mula sa bote. Pumutok ang labi nito na tumama sa bibig ng bote sa sobrang lakas ng pagkakabunggo niya rito.

Inilayo niya ito sa karamihan para malapatan ng gamot ang sugat nito. Medyo hazy ang tingin

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

niya dahil tipsy na siya. Until he gazed into her eyes. Nawala yata bigla ang kalasingan niya nang saglit na iyon.

Noon niya naramdaman at malinaw na inamin sa sarili na posibleng mahal in ang isang babae kahit noon pa lang ito nakita at wala halos alam tungkol sa pagkatao nito.

Eva, at the time, was not even strikingly beautiful. Payat ito at sunog ang balat. Ang tanging malinaw na physical assets nito ay ang maganda at mahabang buhok at ang mga labing hugis-puso, na nasira pa yata niya.

And there were her eyes.

May kakaibang kislap ang mapagtiwala nitong mga mata. And TJ caught himself hypnotized and drowning in them.

Nanatili siya kasama nito, malayo sa magulong concert, at habang lumalalim ang gabi ay lalo siyang nabibighani rito. Tuloy, hindi niya napigilan ang sarili na hagkan ito, bagay na pinagsisihan niya dahil nabigla niyon ang dalaga. Tumakbo ito palayo. Hinahanap niya ito nang makasalubong niya ang mga sadyang kasama. Dahil doon ay nadagdagan lamang ang alcohol sa kanyang katawan.

Marami na siyang hindi maalala nang gabing iyon dahil sa kalasingan. Lalong hindi niya matandaan kung natagpuan niyang muli si Eva. More so, if something really happened between them.

Pero hayun, pagkatapos ng humigit-kumulang isang taon, walang kaabog-abog na sumulpot si Eva. Dala ang bata na ayon dito ay anak nila.

Back then, TJ simply refused to believe that he could spend a night in bed with someone as special as Eva and totally forget about it—about her. He was ashamed that he never made an effort to look for her after that night. Nagalit siya sa sarili at sa sitwasyon pero ibinunton niya iyon sa babae.

Kaya siya umalis.

Thoughts of his wife haunted him night after night all those years he was away. Naaalala niya ang mga mata nitong naluluha habang ini-interrogate ng kanyang mga magulang. Halos mamilipit ito sa hiya nang amining pumayag ito na ikama niya kaya ito nabuntis. Naroon ang kislap ng pag-asa sa mga mata nito nang sa wakas ay pumayag siya na pakasalan ito. Tila umaasang mahal din niya ito kaya siya sumang-ayon.

Mahal *din* niya ito?

Ibig ba sabihin mahal siya ni Eva noon pa man? Iyon ba ang dahilan kung bakit parang mamamatay ito habang pinapanood siyang mag-empake ng mga gamit hanggang sa tuluyang umalis ng kanilang bahay?

Hindi niya pa ipinararamdam dito na ito ang dahilan ng kanyang pagbabalik. Iyon ba ang dahilan kaya ang nakikita niyang kislap sa mga mata nito ngayon ay may kaakibat na hinanakit?

Yes. Truth be told, si Evangeline del Prado-Cajucom ang nag-iisang dahilan sa kanyang pag-uwi. Well, dalawa—kung isasali sa usapan ang kanilang anak.

Oras na para harapin niya ang responsibilidad ng pagiging ama. He had had more than enough time reconciling with himself that he was actually a father. Ang higit na mabigat na dahilan, naiintriga siya sa babaeng kasa-kasama ni Ben kung di man ng mga magulang sa mga litratong ipinapadala sa kanya.

She looked very stunning on those pics he had of her. Hindi iyon ang Eva na nakilala niya. Ang Eva na natatandaan niya ay simple—maganda, pero hindi ganoon katindi ang dating.

But now? *Damn!*

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

Gusto niyang liparin ang distansya mula airport sa Mactan hanggang Argao. He could not wait to see her, to hold her, to kiss her. And maybe... make love to her again after such a long time. He did not even remember the first and only time they did.

Pambihirang self-control ang pinairal niya kanina nang makita niya itong umahon mula sa dagat. There she was with her beautiful, damp hair, the light of the setting sun casting a warm glow on her skin. Nakahakab sa katawan ang basang damit nito at masayang kumikislap ang mga mata habang nakikipagkuwentuhan sa anak. Kung naiba lang ang pagkakataon at hindi nito kasama ang bata kanina, he could have run to her, kissed her senseless. He might have made love to her right then and there.

Marahan siyang ngumiti sa sarili.

Dearest wife, not this time perhaps. May patutunayan muna ako sa iyo. Hintayin mo lang. I'm going to make it up to you and our son, I promise.

Eva was feeling better when she woke up the next morning. She had always been an early-riser. Sumisikat pa lang ang araw ngayon. Malamig ang simoy ng hangin at dinig niya ang marahang

paghampas ng alon sa baybay.

Itinaas niya ang mga kamay at nag-inat. Huminga siya nang malalim at sandaling sinamyo ang tubig alat. Bumangon na siya para magtungo sa banyo. Matapos mag-shower, binalot niya ang sarili ng isang silk robe at saka naupo sa harap ng tokador. Tinutuyo niya ang buhok nang maulinigan ang mahinang pagkatok sa pinto. Bumukas din iyon agad at sumilip mula sa siwang ang isang maliit na mukha.

“Morning, Sweetie!” bati niya sa anak, nakabuka ang mga bisig para imbitahan itong lumapit.

“Good morning, Mama!” Masiglang nagtatakbo ito para humalik at yumakap sa kanya. Early-riser din ito. “Wala kang sakit?”

“Wala, Babe, okay na ako.”

“Yehey!” Nagtatalon ito.

“Ganyan ka kasaya na wala akong sakit?” Sinuklay niya ang buhok.

“Kasi, sabi ni Papa, papasyal tayo sa ciudad today kapag okay ang pakiramdam mo, eh.”

Nabitawan niya ang suklay.

“Papasyal tayo? Bakit daw?” She bent down to

pick up her comb. Napansin niyang nanginginig ang kanyang mga kamay nang muling idaan ang mga ngipin niyon sa kanyang buhok.

“Wala lang.” Nagkibit ito ng balikat. “Basta sabi niya maglilibot daw tayo.”

“Baka kayo na lang, Anak, may trabaho ako sa kitchen, eh.”

“Mama naman, eh!” reklamo nito. “Parati ka na lang nasa kitchen. Hindi na nga tayo namamasyal, eh.”

“Is that right? Parati ka na lang nakakulong sa kitchen?”

Gulat na napalingon siya sa pinanggalingan ng boses at dama niya ang pag-iinit ng mukha sa nakita. Naka-dilaw na sports shirt si TJ at beige cargo shorts. Bagong ligo rin ito. Basa pa ang buhok ng lalaki and she could smell his intoxicatingly fresh, clean scent.

“Papa.” Sinalubong ito ng anak na nagrereklamo. “*Isturyahi si Mama kay dili jud siya ganahan musuroy suroy.*”

“Ben, hindi pa kasi siya nagbi-breakfast. Kaya hindi pa siya masyadong makapag-isip.” Pumuwesto ito malapit sa bintana at isinandal sa pasimano niyon

ang balakang bago siya matamang pinagmasdan.

“Mama, kain na tayo.” Hinatak ng anak ang manggas ng suot niyang robe, dahilan para humulagpos ang isang bahagi niyon pababa ng kanyang balikat, exposing her right breast.

“Ben!” Napasigaw siya habang itinataas ang kuwelyo ng robe para takpan ang nahubarang katawan.

Natahimik ang bata dahil napagtaasan niya ng boses. Namula naman ang mukha niya nang masulyapan ang asawa. Kitang-kita niya ang ngiting naglalaro sa mga labi nito. He saw it!

“Ben,” anito sa anak, “*adto na sa ubos*. Mama and I will follow.”

“Opo.” Patakbong sinugod nito ang pinto at naglaho sa likod niyon.

Nagpa-panic na hinigpitan niya ang pagkakatali ng robe nang maiwan siyang nag-iisa kasama ang asawa. Tila napako na siya sa kinauupuan nang mapansing nakatitig pa rin ito sa kanya. Lalo siyang hindi nakakilos nang lumapit ito.

He stood in front of her. She refused to look up. Itinaas nito ang kanang kamay para sundan

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

ng isang daliri ang daloy ng pamumula ng mukha niya. Pinaglandas nito iyon mula sa kanyang pisngi, patuloy sa bandang panga, sa puno ng kanyang tainga hanggang sa leeg. Her heart pounded in her ears at parang maiiyak na siya sa nerbyos. Nang itaas nito ang kanyang mukha para siyasatin ang kanyang mga mata, nangingilid na ang luha roon.

“I’ll wait for you sa breakfast room,” mahinang sambit nito bago yumukod para gawaran siya ng masuyong halik sa noo.

Lumarga silang mag-anak patungong city proper right after breakfast. Laking pasasalamat talaga ni Eva dahil bukod sa likas na madaldal, hari ng PR si Ben kaya hindi niya kinailangang mag-effort magsalita, o makisali pa sa usapan habang binabaybay nila ang highway. Kontento na siyang nanonood at nakikinig sa sagutan ng mag-ama.

Hindi pa rin kasi siya nakaka-get over sa ginawang paghalik ni TJ sa kanya bago lumabas ng kanyang kuwarto. Habang nag-aalmusal sila kanina, she could hardly look at him. Kung kinaya lang niya ang kahihyan na sa ilalim ng mesa kumain, ginawa na niya.

Oo, asawa niya ito. But it had been a long time. Pakiramdam niya, hindi na niya ito kilala. Kung tutuusin, hindi niya talaga ito nakilala nang mabuti. Not really.

Nag-blush siya sa itinatakbo ng isip. Itinuon na lang niya ang sarili sa pakikinig sa conversation at minsa'y pagtatalo ng mag-ama.

Parang ipinaghehele siya sa tunog ng boses ng mga ito. Hindi na niya namalayan nang makatulog siya. Epekto pa rin siguro ng ininom niyang gamot. Isa pa, antukin talaga siya sa biyahe.

Nang maalimpungatan ay nasa bandang Minglanilla na sila. Walang kalahating oras ay makakarating na sila pihado sa Cebu City Proper.

Patuloy pa rin ang kuwentuhan ng mag-ama. Tungkol na sa paglalaro ng online computer games ang usapan ngayon. Parehong hindi pa uso noong kabataan nila ni TJ ang mga larong binabanggit ng anak. Hindi alam ni Eva kung familiar ito sa mga iyon o pinagbibigyan nito ang anak sa ginagawang pagtatanong. Ben easily took it as 'ignorance' on his father's part. Tila natutuwa ito na sa wakas ay may bagay kung saan mas magaling ito kaysa sa ama.

“Tapos, Pa, ang yaman-yaman ko talaga sa

Farmtown. Ang dami kong harvest 'tas milyonaryo na ako. Ang dami kong friends na gusto mag-work sa akin...”

Her son droned on and on, hanggang pati siya hindi na naiintindihan kung ano ang particular game na sinasabi nito. Parang ang bilis kasi ng pagsi-shift ng mga kuwento nito tungkol sa *Café World*, *Mafia Wars*, *Happy Aquarium* at kung anu-ano pa. Eh, hanggang *Pet Society* lang ang alam niya.

Sumimple siya ng sulyap sa katabi at nakitang nakangiti ito sa kanya. Nahihiyang nag-iwas siya ng tingin. Hindi pa nagtatagal, pasimpleng kinalabit siya nito. Iminuwestra nito ang kamay para isenyas na napakadaldal ng bata.

Nangiti siya bago tumango at muling tumanghod sa labas.

Ilang segundo pa, muli siya nitong kinalabit. Pagtingin niya rito, nakita niyang kunot na kunot ang noo nito.

“Ano daw?” He mouthed the words.

“Games sa *Facebook*.” Mahina lang ang boses niya para hindi maistorbo sa pagdaldal ang anak.

“Paki-reboot ang system, nag-hang na ang utak

ko,” sagot nito.

Napatawa tuloy siya. Malakas.

“Mama, ano’ng nakakatawa?” May bahid ng pagkainis ang tanong na iyon ng bata, iniisip marahil na ito ang pinagtawanan.

“Wala, Anak. Papa mo kasi, eh.” She blushed dahil malawak ang ngiting iginawad sa kanya ng asawa. Noon lang niya ito nakitang ngumiti nang ganoon sa kanya.

“Hindi ka yata nakikinig sa akin, Pa, eh,” maktol nito.

“Nakikinig ako, Anak,” depensa ng ama sa sarili. “Bigla ko lang naisip kung saan tayo kakain pagdating natin sa *SM* kasi gutom na ako.”

“Puwede ba tayo sa *Ayala Center* na lang, Pa? Kasi gusto ko ’yung ice cream na maraming flavors. ’Yung... *unsa gani to siya, Mama?*” Kinalabit siya ng bata.

“Uhm, *ambot*, Anak, ’di ba, hindi ako sumama noon?” tahimik niyang tugon.

“Hmm... *wa ko kahinumdum.*” Sumandal ito at parang kay lalim ng iniisip na nanahimik para maalala kung ano iyong tinutukoy na ice cream.

“You know, you should laugh more.” Inabot ni TJ ang kanyang kamay at hinawakan iyon nang mahigpit. “Saan mo gusto kumain, Hon?”

Nagkabuhol-buhol yata ang utak niya, wala siyang maisagot. Kung dahil iyon sa narinig na endearment, sa pakiramdam ng mainit na palad nitong nakasalikop sa kanyang kamay, o dahil hindi niya alam talaga kung ano ang sasabihin, or all of the above, hindi siya sigurado.

“Uhm, bahala na k-kayo ni Ben. Kahit s-saan.”

Lintek! Pati dila niya nagkabuhol-buhol na rin.

“Sige, sa *Laguna Café* tayo. I feel like having lechon.” Ngumiti ito bago dalhin sa mga labi ang kanyang kamay.

“Ang chummy n’yo naman dalawa, eh!” sabat ng anak.

Tumawa nang malakas ang kanyang asawa at napatalon ang puso niya.

“Baba na tayo, Ben,” ani TJ matapos patayin ang makina. Kinalag nito ang sariling seatbelt bago dumukwang para alisin ang sa kanya.

Ipinagbukas pa siya nito ng pinto at inalalayan siya pagbaba. Naglakad sila sa mall hawak ang anak

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

sa pagitan nila. Hindi niya napansin na siya na lang ang may hawak sa kamay ni Ben. Natagpuan niya ang sarili na nakadikit sa katawan ni TJ, his arm possessively resting on her shoulders.

Kaya pala pakiramdam niya ay lumulutang siya sa hangin.

Nang makapananghalian, tinungo nila ang stall ng *Gelatissimo* (naalala rin ni Ben ang tindahan ng ice cream) para sa dessert. Lemon flavor ang pinili niya, white chocolate ang kay Ben at pistachio para kay TJ. Naupo silang mag-asawa sa isang bench sa garden habang si Ben ay masayang naglalaro sa palibot ng fountain.

“Patikim,” ani TJ. He looked pointedly at her cup of dessert.

Inilapit niya rito iyon, inaasahang gagamitin nito ang sariling teaspoon para kumuha ng ice cream, pero ibinuka lang nito ang bibig. Nagpapasubo talaga sa kanya!

Napalunok siya habang ginagawa ang gusto nito. Lalo na nang bahagyang kagatin ng asawa ang kutsarita niya habang nakatuon sa kanya ang mga mata.

“Hmm... puwede palang flavor ng ice cream ang

lemon?” he commented. Dinilaan pa nito ang gilid ng labi bago binalikan ang sariling tasa. Kumuhit ito ng kulay berdeng ice cream mula roon at inilapit iyon sa bibig niya. “Taste?”

Namilog ang mga mata niya. Ilang beses siyang kumurap bago niya tinanggap iyon. She felt a little embarrassed.

“Which one’s better?”

Ikaw? dikta ng isip niya. Baka nahimatay siya kung nasabi niya iyon.

“Uhm... m-mas gusto ko ’yung ano, itong lemon,” she stammered.

“Ako rin yata.” Muli itong kumuhit mula sa dessert niya.

Lalagnatin na naman yata ako nito, nasabi niya sa sarili. Ano’ng nangyayari sa akin?

“TJ?”

Tumingin muna ito sa kanya. Medyo matagal bago ito nagsalita.

“Alam mo, for some reason, gumaganda ang tunog ng pangalan ko kapag ikaw ang nagsasabi,” anitong nakangiti.

Naumid ang dila niya sa narinig. She stared at him, her eyes wide, her mouth slightly open.

“You want to ask why I’m back, don’t you?” he confirmed.

Napakagat siya sa labi bago inilihis ang tingin dito para itago ang pamumula ng mukha. “H-hindi ko lang kasi masyado naiintindihan. The last time nagkita tayo, galit na galit ka sa akin.”

“Hindi ko itatanggi iyon.” He reached out para hawiin ang ilang hibla ng buhok na nakatabing sa pisngi niya. “But these last few years, I desperately wanted to see my wife. There wasn’t a day na hindi ko pinagsisihan ang pag-alis pero nagmatigas ako. Pinairal ko ang pride ko.”

Parang ito naman ang biglang naubusan ng sasabihin. Parang teenager na nahihirapang ipagtapat sa nililigawan ang intention nito. Ibinaba nito ang cup ng ice cream saka hinawakan nang mahigpit ang dalawang kamay na nakapatong sa kandungan niya.

“I’m sorry I left. I’m sorry I stayed away. Ngayon na nandito na ako, I want to make it up to you and Ben, Eva. Gusto kong bigyan ng katuturan ang pagiging mag-asawa natin, ang pagiging pamilya natin.”

Patunayan Mong Mahal Mo Ako - Edith Joaquin

“Hanggang kailan ulit?” madamdaming bulong niya.

“Give me a chance. Huwag mong isarado ang puso mo sa akin, iyon lang ang hinihiling ko.” He enveloped her in his embrace. Nakalapat ang mga labi nito sa gilid ng kanyang ulo.

And Eva found herself looking forward to how he would win her love.